

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	<b>Circular No.</b>	2020-0001
	<b>Title</b>	<b>The Revised PhilHealth Member Registration Form (PMRF)</b>
<b>Tanong</b>	<b>Sagot</b>	
<b>Ano ang PhilHealth Membership Registration Form o PMRF?</b>	Ang PMRF ay ang form na ginagamit upang mag-rehistro, mag-update o magbago ng impormasyon ang isang miyembro sa PhilHealth.	
<b>Sino-sino ang sakop ng Circular na ito?</b>	<p>Lahat ng kasalukuyang rehistrado at hindi pa rehistradong miyembro ng PhilHealth ay sakop ng Circular na ito.</p> <p>Lahat ng miyembro ay dapat mag-update ng kanilang impormasyon sa PhilHealth lalo na kung may dagdag na dependents o nais ipabagong impormasyon kagaya ng address, contract number, at iba pa.</p>	
<b>Bakit kailangan ang Circular na ito?</b>	Alinsunod sa Section 5 ng Republic Act No. 11223 o ng Universal Health Care Act, lahat ng Filipino ay awtomatikong miyembro na ng National Health Insurance Program. Isinasaad din sa Section 8 ng nasabing batas na ang membership ay pinasimple na sa dalawang kategorya. Dahil dito, kinakailangang baguhin ang form ayon sa bagong kategorya ng mga miyembro.	
<b>Kailan magiging epektibo ang Circular na ito?</b>	Ang Circular na ito ay magiging epektibo 15 na araw pagkatapos na ito ay mailathala sa mga pahayagan na may malawak na sirkulasyon sa bansa.	
<b>Sapat na ba ng PMRF para magpa-rehistro o mag-update ng impormasyon?</b>	<p>Ang lahat ng miyembro na nais magdagdag ng dependent o magpabago ng impormasyon ay dapat mag-submit ng kaukulang dokumento na magpapatunay ng relasyon ng miyembro sa dependent o ang basehan sa bagong impormasyon. Ang mga kaukulang dokumento ay mababasa sa annex ng Circular.</p> <p>Ang PMRF ay kailangang pirmahan ng bawat miyembro upang pagpapatunay sa katotohanan at pagiging kumpleto ng lahat ng impormasyong isinulat sa form.</p>	
<b>Sakop ba ng data privacy act ang impormasyon sa PMRF?</b>	Lahat ng impormasyon na ibibigay ng miyembro ay sakop ng Data Privacy Act. Dahil dito, hindi maaaring ibahagi o ipamigay ng PhilHealth ang anumang impormasyon sa ibang tao o ahensya maliban na lang kung may lehitimong dahilan at makakapagbigay ng mas mabuting serbisyo para sa miyembro na walang epekto sa pribadong karangalan ng bawat miyembro.	